

1

Gawaing Pampagkatuto sa Reading at Literacy

Kwarter 3

Linggo

8

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Gawaing Pampagkatuto sa Reading at Literacy 1
Kwarter 3: Linggo 8
SY 2023-2024

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-arang iyon.

Development Team

Writer:	Dorothy Joann Lei L. Rabajante
Content Editor:	Briget V. Varron, Aisa Veronica Pintor
Mechanical Editor:	
Illustrator:	Joselito Pilotos, Marco R. Abellon, Randy G. Mendoza
Layout Artist:	Rejoice Ann C. Mananquil

Management Team

Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Delivery
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

Asignatura	Reading and Literacy	Markahan	3
Linggo	8	Araw	1
Pamagat/Paksa ng Aralin	Pagmamalasakit sa Kapwa at Komunidad		
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Gawain Blg. 1.1

Pamagat/Paksa ng Aralin: Pagmamalasakit sa Kapwa at Komunidad

Layunin:

- Read content-specific words in **GMRC**.
- Read sentences with appropriate speed, accuracy, and expression.
- Answer comprehension questions about the informative text read.

Kagamitang Kailangan: Lapis

Laang-panahon para sa gawain: 10 minuto

Panuto: Basahin ang teksto. Bilugan ang mga salitang mahirap basahin. Mag-ensayo sa pagbabasa. Lagyan ng tsek (/) ang mga batayang nagawa.

Pagmamalasakit sa Kapwa at Komunidad

Ang pagmamalasakit ay pagtulong at pag-aalala sa iba. Sa simpleng paraan, tulad ng pagtulong sa kaibigan o pagbibigay ng pagkain sa nangangailangan, naipapakita natin ito.

Sa ating komunidad, pwede tayong magpakita ng malasakit sa pamamagitan ng pagtulong sa paglilinis ng paligid, paggalang sa matatanda, at pagsali sa mga gawain na nakakatulong sa lahat.

Kapag may malasakit ang bawat isa, nagiging mas maayos at masaya ang ating komunidad.

Mga batayan	😊 ○ 😞
1. Binasa ko ang lahat ng mga salita nang malinaw.	
2. Binasa ko ang teksto nang may tamang bilis.	
3. Sinunod ko ang mga bantas gaya ng tuldok at kuwit.	
4. Naintindihan ko ang aking binasa.	

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang ibig sabihin ng pagmamalasakit ayon sa binasa?

- A. Pagtulog at pagpapahinga
- B. Pagtulong at pag-aalala sa iba

2. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng pagmamalasakit?

- A. Pagbibigay ng pagkain sa nangangailangan
- B. Pagsigaw sa matatanda

3. Paano natin maipapakita ang malasakit sa komunidad?

- A. Sa pagtulong sa paglilinis sa paligid
- B. Sa pag-iwas sa kaibigan

4. Ano ang nangyayari sa komunidad kapag may malasakit ang bawat isa?

- A. Nagiging malungkot at tahimik
- B. Nagiging maayos at masaya

Assessment/Reflection:

- The assessment may be oral or written. Ask the learners to complete the sentences below as prompts for reflection.

Kumpletuhin ang pangungusap:

- Ang mga natutunan ko ngayong araw ay_____.
- Ano-ano ang mga paraan ng pagpapakita ng malasakit sa ating komunidad?

Notes for Facilitators: Give learners enough time to complete the task.

Teach learners the following strategies when they have difficulty reading the word:

1. Look at the first letter of the word.
2. Sound out the first letter.

3. Try to sound out the succeeding letters, focusing on one letter at a time.
4. Slowly say the sounds together.
5. Say the sounds together a little faster.

Have them evaluate their reading using the checklist. Go around the room to guide and assist learners with difficulty reading a word.

Extension/Differentiation (if applicable): In their free time, encourage learners to practice reading new words, phrases, and sentences learned during the class. After presenting the self-assessment checklist for reading, ask the learners to evaluate themselves after reading in any of their classes using the same checklist.

Remember that the format of a learning activity sheet can be adjusted to fit the needs of your learners, the subject matter, and the level of detail required. The key is to provide clear instructions, engaging tasks, and the necessary resources to help learners achieve the intended learning outcomes.

MGA PAHINANG GAWAING PAMPAGKATUTO

Asignatura	Reading and Literacy	Markahan	3
Linggo	8	Araw	3
Pamagat/Paksa ng Aralin	Paggalang at Pagtulong sa Komunidad		
Pangalan		Baitang at Seksiyon	

Gawain Blg. 3.1

Pamagat/Paksa ng Aralin: Paggalang at Pagtulong sa Komunidad

- Read content-specific words in **GMRC**.
- Read sentences with appropriate speed, accuracy, and expression.

Kagamitang Kailangan: Lapis

Laang-panahon para sa gawain: 10 minuto

Panuto: Basahin ang teksto. Bilugan ang mga salitang mahirap basahin. Mag-ensayo sa pagbabasa. Lagyan ng tsek (/) ang mga batayang nagawa.

Paggalang at Pagtulong sa Komunidad

Sa ating komunidad, mahalaga ang magpakita ng paggalang sa isa't isa. Ang paggalang ay ang pagpapakita ng magandang asal at pagpapahalaga sa ibang tao. Halimbawa, kapag nagsasalita, tumingin tayo sa mata ng kausap at makinig nang mabuti.

Mahalaga rin ang pagtulong sa kapwa. Kapag nagtulong-tulong, gumagaan ang trabaho at problema. Halimbawa, maaaring tumulong sa mga gawaing bahay. Sa paaralan, maaaring tumulong na linisin ang kalat at dumi sa silid-aralan. Sa komunidad, maaaring tumulong sa matatanda na tumawid o magbigay ng pagkain sa nangangailangan.

Kapag gumagalang at nagmamalasakit tayo sa isa't isa, ang komunidad natin ay mas masaya at maayos.

Mga batayan	😊 ○ 😞
1. Binasa ko ang lahat ng mga salita nang malinaw.	
2. Binasa ko ang teksto nang may tamang bilis.	
3. Sinunod ko ang mga bantas gaya ng tuldok at kuwit.	
4. Naintindihan ko ang aking binasa.	

Panuto: Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Ano ang ibig sabihin ng paggalang ayon sa binasa?

- A. Pagpapakita ng magandang asal
- B. Pagsigaw sa kausap

2. Paano natin maipapakita ang paggalang sa kausap?

- A. Maglakad palayo habang may nagsasalita
- B. Makinig nang mabuti sa kausap

3. Bakit mahalaga ang pagtulong sa kapwa?

- A. Upang makaiwas sa trabaho
- B. Upang gumaan ang trabaho at problema

4. Alin sa mga sumusunog ang halimbawa ng pagtulong sa komunidad?

- A. Pagtatapon ng basura kung saan-saan
- B. Pagtulong sa matatanda

Assessment/Reflection:

- The assessment may be done in oral or written form. Ask the learners to complete the sentences below as prompts for reflection.

Kumpletuhin ang pangungusap:

- Ang mga natutunan ko ngayong araw ay _____.
- Bakit mahalagang magpakita ng paggalang at pagtulong sa kapwa?
- Paano ka magpapakita ng paggalang sa iba?
- Paano ka magpapakita ng malasakit sa iba?

Notes for Facilitators: Give learners enough time to complete the task.

Teach learners the following strategies when they have difficulty reading the word:

1. Look at the first letter of the word.
2. Sound out the first letter.
3. Try to sound out the succeeding letters, focusing on one letter at a time.
4. Slowly say the sounds together.
5. Say the sounds together a little faster.

Have them evaluate their reading using the checklist. Then, go around the room to guide and assist learners who have difficulty reading a word.

Extension/Differentiation (if applicable): Encourage learners to practice reading the text presented and/or new words, phrases, and sentences learned during the class. After presenting the self-assessment checklist for reading, ask the learners to evaluate themselves after reading in any of their classes using the same checklist.

Remember that the format of a learning activity sheet can be adjusted to fit the needs of your learners, the subject matter, and the level of detail required. The key is to provide clear instructions, engaging tasks, and the necessary resources to help learners achieve the intended learning outcomes.